

ANG PANANAW SA BUHAY AT WELTANSCHAUUNG NA MAHIHIWATIGAN SA SIKOLOHIYA NG WIKANG TAGALOG

VIRGILIO G. ENRIQUEZ AT AMELIA B. ALFONSO
Departamento ng Sikolohiya
Unibersidad ng Pilipinas

Layunin ng sikolohiya at ng agham panlipunan ang mawawalaan hindi lamang ang tao sa kanyang pagkilos sa lipunan, kundi pati na rin ang kanyang kaisipan, damdamin at kamalayan, na siya mismong mga saligang bumubuo sa kanyang pagkatao. Sa isang pakahulugan sa sikolohiya batay sa pagsusuri sa wika at kultura, ay sinabi ngang "ang sikolohiya ay tungkol sa kamalayan na tumutukoy sa damadamin at kaalamang naranasan; sa ulirat na tumutukoy sa pakiramdam sa paligid; sa isip na tumutukoy sa kaalaman at pagkaunawa; sa diwa na tumutukoy sa ugali, kilos o asal; sa kalooban na tumutukoy din sa damdamin; at sa kaluluwa na siyang daan upang mapagaralan din ang tungkol sa budhi ng tao" (Enriquez, 1975).

Sa Pilipinas, madalas nababanggit ang taguring "diwang Pilipino," "kamalayang Pilipino," "kaisipang Pilipino," "pananaw sa buhay ng mga Pilipino," kapwa sa mga pangkaraniwan at pandalubhasang sulatin at usapan. Gayunpaman, sa dinami-rami ng mga pananaliksik at pag-aaral na naisagawa tungkol sa Pilipino at sa kanyang pagkatao, ay maitatanong pa rin kung ilan nga ba ang naging matagumpay sa pagkagagap sa diwa, pagkatao at pananaw sa buhay ng Pilipino.

Ang pag-aaral tungkol sa kamalayan kaisipan at diwa, mangyari pa, ay itinuturing na gawain ng mga pilosopo. Sa Pilipinas, malaki ang pagsisikap ng mga siyentipikong panlipunan upang makibahagi sa gawaing ito datapwat karamihan sa mga naisagawang pag-aaral tungkol sa Pilipino ay batay sa mga teorya at metodolohiyang kanluranin. Malimit gamitin halimbawa ang penomenolohikal na metodolohiya lalo na sa antropolohiya at gayunding sa sikolohiya; kung hindi man ay palasak ang paggamit ng mga konseptong hiram sa kanluraning pilosopiya. Mapapansing ang paglalarawan sa panloob na istruktura at hanggahan ng kaisipan at diwa ay nasasalig sa mga palagay sa halip na hinalaw buhat sa empirikal na pag-aaral. Ang mga empirikal na pag-aaral naman ay batay sa mga konsepto at teoryang binuo hindi sa karanasan o koteksto ng karanasang Pilipino kundi sa karanasan ng mga industriyalisadong bansa.

Ang Weltanschauung sa mga Pagsusuring Sikolohikal. Halimbawa ng paggamit ng metodong eksperimental sa sikolohiya tungo sa pag-unawa ng "Weltanschauung" ng Pilipino ang pag-aaral ni Tangco (1977) sa isang partikular na konsepto na tinatawag na "locus of control." Sinuri niya ang eksternal na "locus of control" na kung saan ay pinaghambing niya ang kanyang mga kalahok na Pilipino sa batayan ng kanilang pagkontrola sa buhay o sa pagkilos bilang paghahanda at pagtanaw sa hinaharap. Ang pagkilos ba ng Pilipino ay dulot ng mga tao sa kanyang paligid? Dulot ba ito ng mga puwersang labas sa kanya o ito ba ay bunga ng kanyang sariling pagsusumikap? Sa lalo't madaling sabi ng "locus of control" ba ay eksternal o internal?

Kapansin-pansin ang palagay ng ilang sikolohistang kanluranin na ang mga taong galing sa Ikatlong Daigdig ay mayroong eksternal sa halip na internal na "locus of control". Gayundin, sinasabing ang kababaihan ay mayroong eksternal sa halip na internal na "locus of control". Mababasa sa mga paghahambing na ito na tila mas mabuti ang internal kaysa eksternal na "locus of control." Mas mabuting maniwala na ang kinabukasan ay nasa iyong kamay sa halip na ipalagay na ito'y dahil mayroon kang kumpareng malakas sa gobyerno, o dahil ang ama ay may mabuting posisyon sa komunidad, o dahil marami kang kaibigan na maaaring makatulong sa iyong pag-unlad.

Ang ilan naman sa mga pag-aaral din sa sikolohiya na tumutungkol o may kinalaman sa "Weltanschauung" ay karaniwang gumagamit ng mga palatanungan tulad ng pananaliksik ni Morris sa "Way of Life" at sake ni Diaz-Guerrero (1977) noong kanyang talakayin ang "Sikolohiyang Mexicano." Gumawa si Diaz-Guerrero ng palatanungan upang malaman ang "pilosopiya de vida" ng mga Mexicano. Tila lumilitaw sa kanyang artikulo na ang sikolohiyang Mexicano ay kakaiba sa sikolohiyang Amerikano. Gayunpaman, ang kanyang konklusyon ay batay sa paggamit ng mga teorya at metodo na binuo sa Amerika. Sa lalo't madaling sabi, ang pananaw ay Amerikano pa rin bagamat naniniwala siya na ang sikolohiyang kanyang nabubuo ay maaaring Mehikano na nga.

Ang "Weltanschauung" sa Sikolohiyang Pilipino. Ang launing maipakita ang pangkalahatang ideya ng mga Pilipino hinggil sa pananaw sa buhay ay maaaring isalalay sa pagsusuri sa wika bilang salamin ng sikolohiyang Pilipino. Ang pagsuri at paggamit sa katutubong wika ay pundamental sapagka't ang wika ay hindi lamang nakaugat sa kultura bilang prisma sa pagpapakahulugan ng tao sa realidad kundi, bukod sa rito,

ang wika ay isa sa mga pleksible at produktibong kagamitang pang-komunikasyon na tiyak na makakatagan ng mahalagang aspekto ng pag-iisip ng tao hinggil sa kanyang relasyon sa realidad.

Bilang pasimula, babanggitin ang ilang nauugnay na literatura sa pagsusumikap na tulad nito. Mahalaga ang pag-sangguni sa kaugnay na literatura unang-una upang makita at mahalaw ang mga positibo at sulong na ideya at metodolohiya na makapagbibigay ng karagdagang batayan sa isinasagawang pagsusuri. Pangalawa, upang matukoy ang mga limitasyon ng mga nauugnay na pag-aaral at sa gayo'y makatulong tungo sa paglilinaw sa sikolohiyang naangkop sa mga darating na pananaliksik. Kung gayon, titingnan ang kalipunan ng literaturang Pilipino, si Quito (1972) at si Mercado (1974) ay kapwa nagbigay ng pagtatalakay mula sa pananaw na pilosopikal. *Ang Pilosopiya sa Diwang Pilipino* ni Quito ay tunay ngang unang aklat sa pilosopiya na naisulat sa wikang Pilipino nguni't ang paggamit sa wikang katutubo ay hindi nangangahulugang naipahayag na nga ang pilosopiya sa diwa ng bayan sapagkat hindi naman iyon ang layunin ni Quito sa kanyang libro. Sinabi niya na ang pag-iisip ng Pilipino ay kanluranin, samantalang ang diwa niya ay silanganin. Hindi dito nilinaw kung ano nga ba ang katuturan at batayan ng pag-iisip at diwang ito. Sa katunaya'y diwang kristiyano ang tinataglay ng kabuuang pagtatalakay ng kanyang libro. Ang diwang kristiyano ba kung gayon ang diwang Pilipino?

Nilayon ni Mercado sa *Elements of Filipino Philosophy* na alamin at ipaliwanag kung ano ang pilosopiya ng Pilipino sa kanyang pagmalas sa daigdig. Kaugnay nito ay sinikap niyang talakayin ang pagbuo ng diwang Pilipino. Sa kanyang pag-aaral ay ginamit kapwa ang pamamaraang metalinggwistikal at penomenolohikal lalo na sa pagpapaliwanag na duwalistiko ang pananaw sa daigdig ng mga Pilipino.

Mahalaga ang pagsuri ni Mercado hinggil sa "loob." Ayon sa kanya ang konsepto ng "loob" para sa Pilipino ay intelektwal, bolisyunal, emosyonal at etikal. Kailangang suriin at palalimin pa ang pahayag na ito. Kailangang linawin ang kaugnayan ng "loob" sa "kamalayan." Ang kamalayan ay iniuugnay ng ibang mananaliksik sa konsepto at gamit ng konsiyensiyang kaugnay ng moralidad sa konteksto ng kaayusang panlipunan. Sa pangkalahata'y hindi lamang nagkulang ang mga pananaliksik na ito na magbigay ng batayan para sa kanilang hene-relisasyon hinggil sa kaisipang Pilipino at kamalayang Pilipino kundi, preskriptibo pa ang kanilang pagpapaliwanag hinggil sa pilosopiyang Pilipino sa kontekstong moral.

Sa hanay ng mga sikolohista at sosyolohista ay marami na rin ang lumabas na pag-aaral hinggil sa pagkatao ng Pilipino o ilang aspekto kaya ng pagkakataong ito. Mababanggit ni Guthrie (1968) sa kanyang "Temperamentong Pilipino" at sa kanyang mga artikulong nagsasabing ang layunin ng Pilipino ay makaraos. Sa lalo't madaling sabi, ipinamarali ni Guthrie na para sa Pilipino, matugunan lamang ang mga pangangailangan ay sapat na. Ang hangganan ng kanyang tagumpay ay ang matugunan lamang ang mga pang-araw-araw na suliranin sa buhay. Sina Fox (1956), Lynch (1961), at Bulatao (1964) ay may kaniya-kaniya ring paglalahad tungkol sa mga aspekto ng pagkatao ng Pilipino tulad ng "hiya", "amor propio", at iba pang konseptong madalas ginagamit upang ipaliwanag ang istrukturang panlipunan ng Pilipinas. Ang kanilang mga pag-aaral kasama na ang pag-aaral sa "utang na loob" ni Charles Kaut (1961) ay madalas na ring pinupuna bilang tugon sa panawagan ni Lawless (1966; 1968) halimbawa, na nagmungkahing magkaroon naman sana ng buhay ang pagpuna o propesyonalismo sa mga siyentipikong panlipunan at nang makabuo, makalinang at makagamit ng mga modelo at metodolohiyang naaakma sa kontekstong Pilipino.

Liban sa mga nabanggit na ay maari ding tukuyin ang mga pag-aaral sa pananaw sa buhay sa larangan ng parasikolohiya, at sikopatolohiya tulad ng pag-aaral nina Goba (1955), Benzuela (1973), Co (1973), Demetrio (1976), at marami pang iba. Gayunpaman, pahapyaw lamang ang naging pagtatalakay ng mga mananaliksik na ito sa kamalayan at pananaw sa buhay ng mga Pilipino. Sa kabilang dako, mahalagang obserbasyon naman ang naibigay ng mga sikopatolohista kung aalagataing kailangang maunawaan ang istruktura ng pananaw sa buhay kung nais matarok ang kalinawan ng pag-iisip ng tao.

Kung binabalak naman na maging Pilipino ang pagnanaw sa pananaliksik tungkol sa "Weltanschauung", inilalarawan at ipinaliliwanag ang pagkatao ng Pilipino sa pamamagitan ng mga isteryotipong konsepto kagaya ng "bahala na", "utang na loob", "pakikisama", "hiya", at iba pa na resulta lamang ng isang uri ng sosyolohiya at antropolohiyang nagtatangkang maunawaan ang pagkakaiba ng Pilipino sa kanluranin. Kapan-sin-pansin halimbawa na ang isa sa mga kauna-unahang artikulong nasulat sa "bahala na" ay isang paghahambing ng isang Amerikano ng tinatawag niyang "Filipino 'bahala na' and American Fatalism" (Boston, 1968).

Ang Pagtuklas sa "Weltanschauung" ng Pilipino. Ang kasalukuyang papel ay nakatuon sa wikang Tagalog tungo sa

pagtuklas ng “Weltanschauung” ng Pilipino batay sa pagsusuri ng iba't-ibang wika sa Pilipinas*. Ipinapalagay sa kasalukuyang papel na lahat ng ideya ay karaniwang maipapahayag sa isang partikular na wika kaysa sa ibang partikular na wika. At marahil, mayroong mga ideya na totoong mahirap ipahayag sa isang partikular na wika. Nangangailangan ng mahabang pagpapaliwanag lalo't higit kung ang ideyang ito ay hindi nauugnay sa kanilang kultura at sa kanilang pananaw sa buhay. Kung gayon, layunin ng papel na ito na alamin kung anu-anong ideya at konsepto ang madali at mahirap ipaliwanag sa wikang tagalog. Ito'y isang panimulang pagsusuri lamang kaya makatitiyak na maraming hindi napansin dito.

Bilang panimula, mapapansin na sa larangan ng pagpapahayag ng damdamin ay may mga partikular na damdamin na kung saan ay napakapektibo at napakadaling magpahayag sa wikang Tagalog. Bilang halimbawa, masasabing ang *pagpaparinig* o *pagbibiro* ng isang bata o mag-asawa o kaibigan ay *paglalambing*; isang paglalambing na mabuti kung iyong pupunahin o bibigyang-pansin. Subalit kung hindi mo naman mapansin ay maaaring mauwi sa *tampo*. Ang *tampo* ay iba sa galit sapagka't ang taong nagtatampo ay hindi nangangahulugang galit na nga. Nguni't ang tampong hindi rin binibigyang-pansin o sapat na katugunan ay maaaring tumindi na kung minsay tinatawag na *hinampo* na maaaring nauwi sa *sama ng loob* isang sama ng loob na hindi tuwirang ipinapahayag nguni't nahahalata ng isang taong mahusay makiramdam. Maaari ding matuklasan ito sa pamamagitan ng reaksiyon ng ibang tao sa paligid. Gayunpaman, ang sama ng loob na hindi pinansin ay nauwi sa *hinanakit*. Hinanakit, na sa bandang huli ay maaaring maging *galit*. Ang mga salitang nabanggit dito— “biro”, “lambing”, “tampo”, “sama ng loob”, “hinanakit”, at “galit” ay maaaring may mga katumbas sa ibang wika sa daigdig subalit sa sandaling ating pagsumikapang ipahiwatig ito sa ibang wika ay tiyak na mahihirapan tayo sa ilang salita sapagka't magiging kulang sa bokabularyo o hindi sapat ang pagkakatumas.

Hindi lamang ang yamang bokabularyo ang makapagpapahiwatig sa pananaw sa mundo, maaaring ang kasalatan ng bokabularyo ay mayroon ding ganitong implikasyon. Mapapansin sa pagsusuri sa pagkataong Pilipino na ang mga salitang kaugnay ng layunin ay tila hindi kasing yaman ng leksikon o bokabularyo kaugnay ng pagpapahayag ng damdamin. Gayunpaman, may mga konsepto dito na mainam suriin sapagka't magbibigay sa atin ng mga panimulang ideya kung gaano

* Sa ganitong layunin ay sinimulang suriin ni Constantino (1978) ang wikang Ilocano at ni Mercado (1978) ang wikang Cebuano.

kahalaga ang layunin para sa mga Tagalog. Para sa Tagalog, magkaiba ang “pakay” sa “sadya” sa “mithiin”, ang “mithiin” sa “pangarap”, at ang “pangarap” sa “adhikain”. Kung sakaling ang mga ito ay hindi matupad, maaaring ito ay dahil sa isang “hadlang”, na tumutukoy sa isang bagay na pisikal. Posible ding dahil sa isang “sagabal” na maaaring nasa loob o labas ng taong nagnanais maabot ang kanyang layunin. Kung ito’y nasa kanya mismo ito’y isang “pabigat” o kaya’y isang “sagwil”. Sa madaling sabi, ang bokabularyong ito ay maaaring maging indikasyon din kung ano ang pagpapahalaga ng mga Tagalog sa layunin.

Bukod pa dito, may mga espresyon o mga kasabihan na nagbibigay ng implikasyon kung ano ang pagpapahalaga ng Tagalog sa “Tagumpay”, halimbawa. May ekspresyon na tulad ng “buhay alamang, paglundag ay patay”, may mga kasabihang “kung ano ang taas ng lipad ay siyang lagapak kung malagpak,” o “ang pili ng pili ay natatapat sa bungi”, “ang naghanap ng kagitna, isang salop ang nawala.” Kung ito ay bibigyan ng tematikong pakahulugan, lumilitaw na ang Tagalog ay hindi nagbibigay ng labis na pagpapahalaga sa pagtatagumpay. Sa madaling sabi, higit na mahalaga ang maging mapagtimpi kaugnay ng pagkilos tungo sa katuparan ng layunin.

Maaaring gamitin ang bokabularyo sa isang larangang leksikal at maraming mapagpipilian kung mayaman sa konsepto at salita ang isang larangan. Sa kabilang dako, wala namang magamit kung salat sa salita ang isang larangan. Bukod sa rito, ang wika ay meron ding mga katangian na kung saan ang ideya o konsepto ay *nakatakdang ipahayag* sa ayaw man o sa hindi ng taong nagsasalita. Halimbawa binigyang pansin ni Camilo Osias (1940) ang pagkakaiba ng “tayo” sa “kami” sa wikang Tagalog na kung saan kahit hindi mo interes na sabihin sa iyong kausap halimbawa na siya ay hindi kasama sa inyong lakad, ikaw ay puwersadong ipaalam sa kanya ng tahasan kung kasama siya o hindi. Kapag sinabi mong “Lalakad tayo bukas”, malinaw na kasama mo ang iyong kausap. Nguni’t kapag sinabi mong “lalakad kami bukas”, malinaw na hindi siya kasama. Samantalang ang sa ibang wika ay hindi ka tinatakdan o pinu-puwersang ipahayag ito sa gayong paraan. Maaaring magtago ka sa isang “all embracing we” tulad sa Ingles na “We shall go tomorrow”, hindi malinaw kung ang kausap ay kasama o hindi.

Isa pang kapansinpansin ang tungkol sa kasarian. Sa papel ni Rita Estrada (1976), sinabi niya na “Tagalog is a non-sexist language”. Halimbawa, nagbigay siya ng napakahabang kuwento tungkol sa kanyang pamangkin na ibinili niya

ng damit o sa kanyang magulang at kung anu-ano pa. At sa hinaba-haba ng kanyang kuwento ay hindi mo malaman kung ang pamangkin ay pamangking babae o pamangking lalaki at kung ang kanyang binanggit na magulang ay ang ina o ang ama. Sa lalu't madaling sabi, ang Tagalog na ginamit niya ay hindi nagbigay-daan tungo sa pagbibigay-pansin sa kasarian. Isang bagay na marahil ay hindi mahalaga kung tutuusin, subali't totoong hindi dapat isawalambahala kung salagatain ang pagtatalo ngayon tungkol sa sexism sa wikang Ingles. Hindi nakakatuwang pag-awayang bakit daw "history" at hindi "herstory." Ang bagay na ito ay hindi maliit na bagay para sa mga tao kung may kaugnayan sa mababang pagpapahalaga sa isang kasarian.

Isa pang maaaring bigyang-pansin subali't hindi sa karaniwang binibigyang-puna sa karaniwang gamit ng wikang Tagalog ay ang internalidad at eksternalidad na nakita ni Zeus Salazar (1976) sa ilang pares ng mga salita. Halimbawa, sa wikang Ingles, sapat na banggitin mo ang "honor". Kung sa Pilipino, kailangang banggitin mo kung ito'y "dangal" o "puri" na kung saan ang "puri" at kontrolado ng mga tao sa iyong paligid. Sila ang maaaring magbigay o magkait nito. Ang puri pa nga ng mga kababaihan ay maaaring madungisan. Ang "parangal" na bigay ng iba ay hindi agad-agad na maituturing na isang "dangal" manapa'y "papuri" lamang ito. Sa kabilang dako, ang dangal ay isang bagay na batay sa paninindigan ng taong humahawak nito. May karamihan ang mga ganitong konsepto na napansin ni Salazar sa kanyang pagsusuri. Halimbawa ang "damdam" at ang "dama", ang pagdama ay eksternal ("dinama") samantalang ang pagdamdam ay panloob o internal ("dinamdama"). Gayundin ang "pagtitimpi" sa "pagpipigil" na kung saan ang pagtitimpi ay internal samantalang ang pagpipigil ay eksternal at marami pang iba.

Isa pa rin ang distinksiyon ng "um" at "mag". Ipinaliwanag ng mga linggwista kung ano ang pagkakaiba sa gamit ng "um" at "mag". Kung minsan ay pinagpapalit-palit na ang gamit katulad ng "lumakad" at "maglakad", parehong lakad iyon. Pero kung titingnan ang ibang mga anyong analohikal, makikita na ang "pagwalis" ay iba sa "wumalis." Sa "pagwalis" ay gumamit ka ng eksternal na bagay para ito ay makapaglinis, samantalang hindi naman tama na sabihin mong ikaw ay wumalis puwera na lang kung ikaw ang ginamit na pangwalis.

Karagdagang punto na nabigyang-pansin ay ang punto ng intensiyonalidad. Bagama't hindi itinakda ng wikang Ta-

galog na sabihin mo ang iyong intensiyon, meron kang laya na kung saan puwedeng sabihin mo kung sinasadya mo o hindi ang isang bagay na iyong ginawa. Kaya't kung "Nahulog ang bata," malamang na ito ay isang aksidente, pero kung "hinulog" ay merong intensiyon na siya ay ihulog.

Isang nakatutuwang koleksiyon ng mga salitang ginagamit sa wikang Tagalog na maaaring ituring na *pantakdang pang-wika ng saloobin* (Enriquez, 1970) ay ang mga salitang tulad ng "pa", "na", "ba", "naman", at "yata", ng kung saan ay napakahalagang pakinggan hindi lamang ang pagkakasabi o ang tono kundi marahil ay kailangang tingnan pa sa mata ang nagsasalita upang malaman ang kanyang intensiyon kapag kanyang sinabing "Kumain ka na ba" o "Kumain ka pa ba?" o "Kumain ka na naman ba?" o "Kumain ka yata", at marami pang iba. Kung minsan ang pagkakasabi ng "yata" ay maaaring magkaiba ang kahulugan. Pag sinabing "Ginto yata ito", maaaring nag-aalinlangan siya kung ginto o hindi ang kanyang tinutukoy. Nguni't kapag binigyan ng ibang tono ang pagkakasabi, ipinagmamalaki niyang iyon ay ginto, kaya't ang "yata" ay *pantakda ng saloobin*.

Mga Haka Tungkol sa Weltanschauung ng Tagalog

Batay sa ilang mga halimbawang nasuri, maimumungkahi ang mga sumusunod na haka o palagay tungkol sa ilang elemento ng pananaw sa buhay ng Tagalog. Una sa lahat, kapan-sin-pansin na mahalaga ang pagtutungguhan ng tao sa isa't isa. Marahil ay nagkataon lamang na kinakailangan sa wika na pag-ibahin ang "kayo", ang "tayo", at ang "kami". Marahil ay malinaw para sa Tagalog na iba ang "tayo" sa "kami" at kinakailangang linawin kung sino ang salimpusa at kung sino talaga ang kasali. Batay sa karanasan sa paggamit sa wikang Tagalog na siyang batayan ng wikang Pilipino sa pagtuturo ng sikolohiya, napansin ko ang ilang salita na napakadalas gamitin. Ito ang mga salitang "sarili" at "ako". Sapagka't sikolohiya ang paksa, "elaborated" ang leksikon tungkol sa sarili maging sa wikang Ingles. Mayroong "self-esteem," "ego-ideal", "I" at "me" — maraming mga salita at konsepto iyang ngunit paano sa Tagalog? May kahirapan dahil tila dadalawa ang salita. Dito higit na luminaw na mayaman ang sistema ng apiksasyon o panlapi sa wikang Tagalog na kung saan ang "sarili" ay magagamit upang tukuyin ang "sarilinan," ang "sarilinin", ang "pansarili", ang "makasarili", at ang "ako" ay magagamit sa "maka-ako", at mga salitang walang tiyak na katumbas sa Ingles — halimbawa ang "akuin", o pagtanggap

ng isang pananagutan na dapat sana ay pananagutan ng iba. Ito ay sa gamit naman ng apiksasyon.

Ikalawa ay maaaring hakain na mahalaga ang damdamin at kapakanan ng iba. Ito ay batay sa yaman ng bokabularyo kaugnay ng damdamin. Sa Ingles ay meron silang "all-embracing term" na "aggression". Ito naman ay maaaring hiramín at naga-gamit ang salitang "agresyon." Ngunit ang Pilipino ay hindi nagagalit lamang. Hindi siya nakikipagaway lamang. Maaaring nagagalit, maaaring nagtatampo, maaaring hindi totoong galit kundi nagtatampo lamang o naglalambing o maaari rin namang hinanakit nga.

Ikatlo, hinahaka rin na marahil ang tagumpay para sa Tagalog batay sa nasasalamín sa wika ay para sa lahat at hindi para sa mga indibidwal lamang. Ang damdamin, layunin at kaisipan ay pinakikiramdaman. Ito ay malinaw na makikita sa pagkakaroon sa Tagalog noong mga salitang tulad ng "yata", "naman", "ba", at "pa".

SANGGUNIAN

Banzuela, Pemari L.

1973 Ang mga kababalaghan at ang Parasikolohiya. Nasa *Tao at Lipunan*. Inedit nina V. G. Enriquez, P. Banzuela at M. C. Galang. Lunsod Quezon: Nnibersidad ng Pilipinas, 89-99.

Bulatao, Jaime C.

1964 Hiya. *Philippine Studies*, 424-438.

Boston, Lynn C.

1968 Filipino bahala na and American fatalism. *Silliman Journal* 51, 399-713.

Co, Luz

1973 Pangkaisipang Telepatiya. Nasa *Tao at Lipunan*. Inedit nina V. G. Enriquez, P. Banzuela at M. C. Galang. Lunsod Quezon: Departamento ng Sikolohiya, Unibersidad ng Pilipinas.

Constantino, Ernesto

1979 Ang pananaw sa Mundo ng mga Ilokano mula sa Kanilang Wika. *Ang Pandaigdigang Pananaw ng mga Pilipino*. (Katipunan ng mga papel na binasa sa Seminar-Workshop sa Weltanschauung, noong Mayo 29 - Hunyo 2, 1978 sa Institute for Small Scale Industries sa pagtataguyod ng Institute for South-east Asian Studies.)

- Demetrio, Francisco R.
 1976 Ang Shaman bilang Sikolohista. *Ulat ng Unang Pambansang Kumperensya sa Sikolohiyang Pilipino*. Lunsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 160-185.
- Diaz-Guerrero, Rogelio
 1977 A Mexican Psychology. *American Psychologist* 32 (11) 934-944 (November, 1977).
- Enriquez, Virgilio G.
 1970 Translation Shift in Attitude Measurement: A Study of the Effect of Pilipino-English Translations on Attitude Scales. (M.A. thesis in Psychology) Evanston-Illinois: Northwestern University.
 1976 Mga Batayan ng Sikolohiyang Pilipino sa Kultura at Kasaysayan. *Sikolohiyang Pilipino: Batayan sa Kasaysayan, Perspektibo, Mga Konsepto at Bibliograpiya*, 1-20.
- Estrada, Rita
 1976 Tagalog as a Non-Sexist Language. (Papel na binasa sa Ikaanim na Seminar sa Sikolohiya ng Wika, "Ang Wika at ang Lipunang Pilipino sa Laboratoryo ng Sikolohiya, Bulwagang Palma, noong Oktubre 1, 1976 sa pagtataguyod ng UP Psychological Society at Philippine Psychology Research House).
- Fox, Robert B.
 1956 The Filipino Concept of Self-Esteem. *Area Handbook on the Philippines*. Ed. by F. Eggan et al., Vol. I, Part 2. New Haven: Human Relations, 430-436.
- Goba, T. C.
 1955 A Study of Drugless Healing. (M.A. thesis) Quezon City: University of the Philippines.
- Guthrie, George M.
 1968 The Philippine Temperament. *In Six Perspectives on the Philippines*. Edited by G. Guthrie. Manila: Bookmark, Inc., 49-83.
- Kaut, Charles
 1961 Utang na Loob: A System of Contractual Obligation Among Tagalogs *Southwestern Journal of Anthropology* 17, 256-72.
- Lawless, Robert
 1966 A Comparative Analysis of Two Studies on Utang na Loob. *Philippine Sociological Review* 14, 168-172.
 1968 The Evaluation of Philippine Culture - Personality Research. (M.A. thesis) Lunsod Quezon: Unibersi-

dad ng Pilipinas. Nalathala sa pinaikli at isinaayos na bersyon sa Monograph Blg. 3 para sa Asian Center, Limbagan ng Unibersidad ng Pilipinas, 1969.

Lynch, Frank

- 1961 Social Acceptance. Four Readings in Philippine Values. Edited by Frank Lynch: *IPC Papers No. 2*. Quezon City: Ateneo de Manila University Press, 1-21.

Mercado, Leonardo

- 1978 The Cebuano World Views. *Ang Pandaigdigang Pananaw ng mga Pilipino*, 1979. (Katipunan ng mga papel na binasa sa Seminar-Workshop sa Weltanschauung noong Mayo 29-Hunyo 2, 1978 sa Institute for Small Scale Industries sa pagtataguyod ng Institute for Southeast Asian Studies).

- 1974 *Elements of Filipino Philosophy*. Tacloban City: Divine Word University.

Osias, Camilo

- 1940 *The Filipino Way of Life: The Pluralized Philosophy*. Boston: Ginn, p. 321.

Quito, Emerita

- 1972 Ang Pilosopiya sa Diwang Pilipino. Manila: United Publishing Company, 126. p.

Salazar, Zeus

- 1976 Ang Kamalayan at Kaluluwa: Isang Paglilinaw ng Ilang Konsepto sa Kinagisnang Sikolohiya. *Ulat ng Ikalawang Pambansang Kumperensiya sa Sikolohiyang Pilipino*. Lunsod Quezon: Pambansang Samahan sa Sikolohiyang Pilipino, 160-185.

Tangco, Angelita

- 1977 The Effect of Frustration on the Flexibility of Internals and Externals. (M.A. thesis in Psychology) Quezon City: Department of Psychology, University of the Philippines.